# 6 Pagsuko ng alien registration card

## 6-1 Kapag lumisan ng Japan

Kapag lumisan ng Japan na walang re-entry permit, isusuko ang alien registration card sa immigration officer sa airport o pyer kung saan lalabas ng bansa. Hindi kailangang isuko ang card kung may re-entry permit.

## 6-2 Kapag nabigyan ng nasyonalidad bilang Hapon (Japanese citizenship)

Sa loob ng 14 na araw, kailangang personal na isuko ang alien registration card sa tanggapan ng munisipyo ng inyong lugar.

* Kailangang ipakita ang sertipiko na nagpapatunay ng pagkuha ng nasyonalidad na Hapon o ID para sa naturalisasyon na ipinagkaloob ng Legal Affairs Bureau.

## 6-3 Kapag namatay

Sa loob ng 14 na araw mula ng pagkamatay, isusuko ng kamag-anak na kasambahay sa tanggapan ng munisipyo ng lugar ang alien registration card ng namatay.

* Kailangan ipakita ang death certificate (shibou shindansho) o sertipiko ng pagparehistro ng pagkamatay (shibou todoke).

*Kapag naiiba ang tirahang lugar at ang lugar na kinamatayan ng namatay na dayuhan, maaaring ibalik ang alien registration card ng namatay sa pamamagitan ng pagbigay nito sa pinuno ng lugar na kinamatayan.